IDA/HENRI

**Mga Madalas Itinatanong**

1. Saan/kailan ako makapag-a-apply para sa Programa ng Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida?
   - Magbubukas ang aplikasyon sa ika-9am (Silangan) sa Biyernes Setyembre 17, 2021. Matatagpuan ang aplikasyon sa https://programs.njeda.com

2. Magkakaroon ba ng available na tulong sa wika?
   - Nagbibigay ang Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey (New Jersey Economic Development Authority, NJEDA) ng aplikasyon online sa wikang English at Spanish.
     - Mag-aalok ang NJEDA sa mga aplikante ng access sa mga serbisyong pagsasalin-wika para suportahan ang mga tagapagsalita ng sampung karagdagang wika -Arabic, Chinese (Mandarin at Cantonese), Gujarati, Hindi, Italian, Korean, Polish, Portuguese, at Tagalog. Gagawing available ang naisalin na bersyon ng aplikasyon sa maagang pagbubukas.
     - Maaaring kontakin ng mga aplikante ang languagehelp@njeda.com para makatanggap ng tawag sa loob ng isang araw na may pasok mula sa isang kinatawan na kayang makipag-usap sa kanila sa kanilang pangunahing wika

3. Ang sumusunod na mga tanong ang titiyak ng iyong unang pagiging karapat-dapat para sa Programang Pagkakaloob na Tulong sa Negosyo (Ida/Henri Business Assistance Grant Program). Pakirepaso nang detalyado ang mga ito. Pagkatapos marepaso ang mga tanong na ito, pakitiyak na kaya mong sagutin ng “Oo” ang lahat ng tanong sa threshold ng pagiging karapat-dapat.
   Kung hindi mo masasagot ng “Oo” ang nasa ibaba, pakisuyong huwag magpatuloy sa aplikasyon dahil hindi ka tatanggapin.
   **Mga Tanong sa Pagiging Kwalipikado:**
   - May pisikal at komersyal na lokasyong pangnegosyo ba ang iyong Negosyo sa loob ng Estado ng New Jersey?
   - Ang pisikal na komersyal na lokasyon ng iyong Negosyo ba ay pisikal na nasira dulot ng Ida/Henri (kabilang sa pisikal na pagkasira ang binaha, pagkasira ng istruktura, pagkasira ng bubong, atbp. HINDI KASAMA sa pisikal na pagkasira ang pagkawala ng kuryente lamang)?
   - Makakapagbigay ka ba ng ebidensya ng pisikal na pagkasira (mga larawan, mga invoice ng pagpapakumpuni, atbp) sa panahon ng iyong aplikasyon?
   - Nag-ooperate na ba ang iyong negosyo noong Agosto 1, 2021?
   - Nakapagbayad ka ba ng renta o morgage noong Agosto 2021 ng lampas sa $1,000 para sa pisikal na komersyal na lokasyon ng negosyo na nasira?
   - Makakapagbigay ka ba ng ebidensya ng pagbayad ng renta/morgage (kopya ng pagbayad) sa panahon ng iyong aplikasyon?
   - Lampas ba sa $1,000 ang nagastos sa pisikal na pagkasira sa komersyal na lokasyon ng negosyo at pagkagambala ng negosyo (nawalang oras, nawalang benta, atbp.)?
   - Ikaw ay komersyal na negosyong operasyon at hindi isang nagpapaupa o isang negosyong nakabase sa bahay?
   - Nirepaso ko ang mga tanong sa itaas at pinatutunayan ko na karapat-dapat ang aking negosyo dahil masasagot ko ng “Oo” ang **LAHAT** ng tanong sa itaas. Sa panahon ng proseso ng aplikasyon/pagrepaso, natiyak na alinman sa mga tanong sa itaas ay “Hindi” ang iyong aplikasyon ay hindi tatanggapin. Sa pagsagot sa pagkilalang ito, nauunawaan mo ang pahayag na ito at gusto mong magpatuloy.

4. Paano tinitiyak ang laki ng ibibigay na kaloob sa aking negosyo?
   - Ang pinakamababang halaga ng kaloob ay $1,000 na may pinakamataas na kaloob na $5,000, limitado sa mas mababa sa hindi natamong pangangailangan ng aplikante o bayad sa upa/sangla.

5. Paano binigyang katuturan sa programang ito ang pisikal na pagkasira dahil sa Ida/Henri?
   - Pagkasira sa istruktura (mga sahig, pader, bintana) kapag ang pagkasirang ito ay direktang resulta ng pisikal na pagkasira dahil sa malakas na hangin, mga debri at/o baha
   - Pagkasira sa makinarya, equipment, mga nakakabit at imbentaryo - kapag ang gayong pagkasira ay direktang resulta ng pisikal na pagkasira dahil sa malakas na hangin, mga debri at/o pagbaha

6. Anong dokumento ang kakailanganin para sa programa?
   - Patunay ng pagkasira:
     - Malinaw na mga larawan ng pagkasira, kapwa ang bago at pagkatapos kung posible, kasama dapat sa mga larawan ang gusali/struktura na tutukoy kung posible. Ang pagtantya ng kontratista at/o mga invoice ay pwede ring gamitin bilang patunay ng pagkasira.
   - Patunay ng pangangailangan:
     - Mga pagtantya at resibo ng pagkumpuni
   - Patunay ng pagbayad ng renta/mortgage:
     - Kopya ng nakanselang tseke, kopya ng resibo ng mga electronic fund transfer.
       - Dapat may kasamang patunay ng pagbabayad ang kasunduan sa pagpapaupa/mortgage

7. Karagdagang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa programa.

Para maging karapat-dapat para sa Ida/Henri Grant Program, dapat na ang entidad na nag-aapply ay:

- Umiiral na at tumatakbo na noong Agosto 1, 2021.
- Dapat na ang mga aplikante ay may pagbabayad ng renta/mortgage noong Agosto ng hindi bababa sa $1,000 at ng hindi natugunang pangangailangan (mga pagkasira o pagkawala ng kita) na mas malaki kaysa sa $1,000.
- May hindi naaayos na pisikal na pagkasira sa kanilang komersyal na lokasyon dahil sa resulta ng mga natira ng Hurricane Henri noong Agosto 22-23, 2021 at/o Hurricane Ida, noong Setyembre 1-3, 2021.

Rehistrado na para magnegosyo sa Estado ng New Jersey sa panahon ng aplikasyon, na pinatutunayan ng valid na Katibayan ng Pagpaparehistro ng Negosyo (Business Registration Certificate, BRC), kung kailangan. Kung ang Maliit Katamtamang Negosyo (Small Medium Enterprise, SME)ay hindi kinikilala ng Dibisyon sa Pagbubuwis (Division of Taxation) , dapat magbigay ang SME ng patunay ng pagrehistro sa Estado bago mag-Agosto 1, 2021 at may bisang Katibayan ng Pagpaparehistro ng Negosyo (Business Registration Certificate, BRC) . Magkakaroon ang SME ng 7 araw sa kalendaryo mula sa unang pabatid mula sa Awtoridad para maibigay ang kinakailangang ito. Walang kasunduan ng pagkakaloob ang gagawin nang walang katayuan ng kasalukuyang pagpaparehistro mula sa Division of Taxation o balid na BRC. Puwedeng i-verify ng mga entidad dito ang kanilang pagpaparehistro: https://www1.state.nj.us/TYTR_BRC/jsp/BRCLoginJsp.jsp
Nasa mabuting katayuan sa
Pagpapaunlad ng Paggawa at Manggagawa ng Kagawaran ng (Labor and Workforce Development, LWD) ng New Jersey, sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao (Department of Human Services, DHS) ng New Jersey

- (kung ang aplikante ay pinangangasiwaan ng DHS), ng Kagawaran ng mga Bata at Pamilya (Department of Children and Families,DCF) (kung ang aplikante ay pinangangasiwaan ng DCF), at ng Dibisyon ng Pagkontrol ng Inuming De-alkohol Division of Alcoholic Beverage Control,ABC) (kung ang aplikante ay pinangangasiwaan ng ABC) sa panahon ng aplikasyon, sa pagpapasya ng nagsosolong deskresyon ng LWD, DHS, DCF at ABC.
- Mayroong hindi lalampas sa 50 Buong Panahong Katumbas na Empleyado (Full-Time Equivalent Employees, FTE) sa kamakailang WR 30 filing ng mga negosyo. Dinitalye sa mga sumusunod na tanong ang pakahulugan ng FTE ng NJEDA.
- Dapat na may pisikal na lokasyon sa Estado ng New Jersey (hal., isang opisina, isang pisikal na lugar ng pinabebentahan, isang bodega, pasilad ng pagawaan, atbp.). HINDI kwalipikado para sa Programang ito ang mga negosyong nakabase sa tahanan. HINDI kwalipikado ang mga nagpapaupa para sa Programang ito.
- Hindi kasama sa aktibong hindi isinasama o binawalan ng Estado ng New Jersey o ng Pederal na Pamahalaan

8. Ano ang Katumbas ng Buong Panahong empleyadong (FTE)?
    - Hindi dapat ipagkamali ang isang empleyadong FTE at hiwalay sa tagubilin ng Estado sa isang buong panahong empleyado. Kuwalipikado man o hindi ang isang empleyado bilang FTE ay depende sa bilang ng mga linggong ipinagtrabaho at naipong sahod. Matutulungan ka ng online grant estimator ng NJEDA na matiyak ang bilang ng mga FTE sa iyong negosyo. Para sa layunin ng programang pagkakaloob na ito, tinitiyak ng NJEDA ang bilang ng mga empleyadong FTE batay sa pinakabagong WR 30 filing (q2 2021) ng entidad. Para matukoy ang iyong mga empleyadong FTE, mangyaring bumisita sa https://forms.business.nj.gov/grant-4/size/, pansinin na dapat itong gamitin para lamang tiyakin ang FTE at **HINDI** magbigay ng sukat.
    - Hindi kasama sa mga empleyadong FTE ang 1099 na independyenteng mga kontratista

9. Hindi hinihilingan ang aking negosyo na mag-file ng WR-30 (Solong Pagmamay-ari, Sosyo, Solong Miyembro na LLC, 1099 Kontratista, atbp.). Kuwalipikado ba ang aking negosyo?
    - Kung ang entidad ay nagnenegosyo na at tumatakbo na noong Linggo, Agosto 1, 2021, ang entidad ding iyon ay lubos at wastong nakarehistro para magnegosyo sa Estado, at natutugunan nito ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado, magiging kuwalipikado ito.

10. Isang kumpanya ng payroll o Organisasyon ng Propesyonal na Employer (Professional Employer Organization, PEO) ang nagpa-file ng WR-30 ng aking negosyo; kuwalipikado ba ang aking negosyo?
    - Oo - nauunawaan ng NJEDA ang mga negosyong gumagamit ng PEO o kaparehong payroll provider para mag-file ng kanilang WR-30 sa ngalan nila. Sa mga ganitong kalagayan, dapat magbigay ang mga payroll company o PEO sa NJEDA ng ID o pangalan ng Empleyado, kung ilang linggong ipinagtrabaho at suweldo na nakadokumento katulad ng format ng WR-30, na nai-file nila sa ngalan ng iyong negosyo.
    - Maaaring ibigay ng iyong negosyo ang dokumentong ito sa panahon ng proseso ng pagberipika.

11. Karapat-dapat bang mag-apply ang mga relihiyosong entidad (mga simbahan, templo, sinagoga, atbp)?
    - Oo, gayunman, ang gayong mga entidad ay kakailanganing sumagot sa mga espesipikong tanong tungkol sa ibang paggamit ng gusali (mga simbahan, templo, sinagoga, atbp.) na ang mga pondong kaloob ay ginagamit para bayaran ang renta o mortgage ng. Hindi pwedeng gamitin ang mga pondong kaloob para sa layuning aktibidad na pangrelihiyon.

12. Ang aking negosyo ay hindi isang organisasyon para sa pagkita ng pera; kuwalipikado ba ang aking negosyo?
    - Kung nakarehistro ang iyong negosyo sa Serbisyong Panloob na Kita (Internal Revenue Service, IRS bilang isang 501(c) na non-profit, maaaring kuwalipikado ang iyong organisasyon, kung natutugunan ng iyong organisasyon ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kuwalipikado sa programa.

13. May iba't ibang lokasyon ang aking negosyo; puwede ba akong magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa bawat lokasyon?
    - May limitasyon na 1 aplikasyon lamang kada Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer sa Pederal (Federal Employent Identification Number, FEIN). Kung ang iyong negosyo ay may 5 hiwalay na FEIN, magiging kuwalipikado ka na mag-apply ng 5 beses, ngunit kailangang kang mag-apply nang hiwalay para sa bawat negosyo (na may sarili nitong FEIN).
    - Kung ang iyong negosyo ay may 1 FEIN at 5 lokasyon, kuwalipikado lamang ang iyong negosyo sa 1 kaloob at puwede lamang mag-apply nang isang beses sa ilalim ng isang FEIN.

    - May 5 lokasyon ang aking negosyo. Lahat ay ire-report sa ilalim ng 1 FEIN na may 60 empleyadong Katumbas ng Buong Panahon (FTE); puwede ko bang i-allocate ang aking mga empleyado sa iba't ibang lokasyon?
        - Hindi naaapektohan ng lokasyon ng mga empleyado ang pagiging kuwalipikado ng isang aplikasyon. Kung gayon, hindi makakapag-allocate ang isang negosyo ng mga empleyado sa iba't ibang lokasyon para lamang matugunan ang laki na kinakailangan ng Programa.
        - Tulad ng mababasa sa itaas, nakabatay ang isang aplikasyon sa FEIN. Sa halimbawang ito, hindi magiging kuwalipikado ang aplikasyon dahil lumampas ito sa maximum na 50 FTE ng Programa.

14. Ang aking negosyo ay may iba't ibang lokasyon sa ilalim ng FEIN. Ano ang itinuturing na pangunahing lokasyon ng aking negosyo?
    - Para sa layunin ng Programang ito, ang pangunahing lokasyon ng iyong negosyo ay ang address kung saan nagtatrabaho ang karamihan ng iyong mga empleyado. Kung walang iisang lokasyon ang may pinakamarami mong empleyado dahil ang iba't ibang lokasyon ay may kaparehong dami ng empleyado, kung gayon, ang pangunahing lokasyon mula sa mga lokasyong iyon ay ang isa na kumikita ng malaki. Kung mayroon pa ring maraming lokasyon na nakakatugon sa batayan, ang pangunahing lokasyon ay ang lokasyon na unang binuksan.

15. Ano ang Pagdoble ng Benepisyo (DOB)?
    - Nangyayari ang DOB (Duplication of Benefit) kapag ang isang entidad ay nakakatanggap ng tulong mula sa iba't ibang nagbibigay para sa katulad na pangangailangan. Isang paraan kung bakit nangyayari ito ay kapag ang naipong halaga ng tulong ay lumagpas sa mga kailangan ng negosyo. Para maiwasan ang DOB, babawasan ng NJEDA ang halaga ng Kaloob sa halaga ng iba pang tulong para sa katulad na pangangailangan. Gayunman, kung mas malaki ang pangangailangan kaysa sa tulong, walang DOB.